COUNTY OF SAN DIEGO Health and Human Services Agency

LIVE WELL SAN DIEGO




# Pahintulot sa Pansamantalang Pananatili ("Parole-in-Place")

## Ano ito?

Ang "Parole-in-Place" ay isang pansamantalang katayuan sa imigrasyon na nagbibigay pahintulot sa ilang mga miyembro ng pamilya ng mga kasapi ng U.S. Military na manatili sa Estados Unidos habang ang kanilang aplikasyon para sa permanenteng paninirahan ay kasalukuyang pinoproseso.

## Sino ang mga maaring makabilang?

- Asawa o hindi pa kasal na anak (wala pa sa edad na 21 taong gulang) ng isang mamamayan ng Estados Unidos na naglilingkod sa aktibong tungkulin sa U.S. Armed Forces.

- Asawa o hindi pa kasal na anak ng isang U.S. Lawful Permanent Resident na naglilingkod sa aktibong tungkulin sa U.S. Armed Forces.

- Ang nabubuhay na asawa o hindi pa kasal na anak ng isang miyembro ng serbisyo ng Estados Unidos na namatay habang nasa aktibong tungkulin o bilang resulta ng isang kapansanan na kontektado sa serbisyo.

**I-scan, o pindutin, ang QR Code sa ibaba upang bisitahin ang Tanggapan ng Ugnayang Pangmilitar at Beterano para sa karagdagang impormasyon**

## Ano ang mga benepisyo?

### Manatili sa U.S.

Pinahihintulutan ang mga kwalipikadong miyembro ng pamilya na manatili sa U.S. habang ang kanilang aplikasyon para sa permanenteng paninirahan ay kasalukuyang pinoproseso.

### Pahintulot na Makapagtrabaho

Pagkakaloob ng pahintulot na makapagtrabaho ang mga kwalipikadong miyembro ng pamilya sa U.S.

### Makapaglakbay

Pinapahintulutan ang mga kwalipikadong miyembro ng pamilya na maglakbay sa labas ng U.S. at makabalik gamit ang advance parole.

**Para sa karagdagang impormasyon, o upang mag-apply, bisitahin ang USCIS Website sa pamamagitan ng pag-scan, o pagpindot, ng QR Code sa ibaba**